# Kalayaang Pumili at Pagtubos sa pamamagitan ni Jesucristo

## Ang mga tukso ng diyablo

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 29:39 at 2 Nephi 2:16–18, at talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Batid na pinili nating sundin ang plano ng Ama sa Langit bago ang buhay na ito, bakit mahirap palaging piliing sundin Siya dito sa lupa?
- Ano ang mga pinakamabisang taktika ni Satanas para mahimok ang mga tao sa mundo na piliing hindi sundin ang payo ng Diyos?
- Ano ang ilang pagpapalang ibinigay sa atin ng Diyos para matulungan tayo na mapaglabanan ang mga tukso ni Satanas?

## Mga bunga ng ating mga pagpili

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 29:40–41 at Alma 41:10–11; 42:9, 14, at talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Sa anong mga paraan tayo napapailalim sa impluwensya ng diyablo kapag pinipili nating maghimagsik laban sa Diyos?
- Sa iyong palagay, bakit ang katagang "espirituwal na kamatayan" ay magandang paglalarawan ng pagkawalay sa Ama sa Langit?
- Paano mo ilalarawan ang nadarama natin matapos nating gamitin ang ating kalayaang pumili para hindi sundin ang kalooban ng Ama sa Langit?

## Pagtubos sa pamamagitan ng Bugtong na Anak ng Diyos

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 29:42–43 at 2 Nephi 2:6–9, at talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Ano ang ginawa ni Jesucristo para gawing posible ang pagtubos kahit nakagawa tayo ng mga maling pagpili?
- Ano ang ibabahagi mo tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo na makapagbibigay ng pag-asa sa isang taong nakadarama na napakalayo na niya at tila hindi na siya makababalik?
- Anong mga halimbawa ang maibabahagi mo para maipakita ang nakatutubos at nagpapatawad na katangian ng Ama sa Langit at ni Jesucristo?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_143-1